Republic of the Philippines
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 148 , s. 2011

JUL 0 1 2011

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2011

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Bilang pag-alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto, pangungunahan ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF)ang pagdiriwang sa taong ito na may paksang-diwa na, *"Ang Filipino ay Wikang Panlahat, Ilaw at Lakas sa Tuwid na Landas."*

2. Layunin ng pagdiriwang na ito ang mga sumusunod:

a. maisakatuparan ang mga tungkulin ng KWF ayon sa itinakda ng Seksiyon XIV, Letrang L ng Batas Pambansa Blg. 7104;

b. maipatupad ng ganap ang Proklamasyon Blg. 1041 ng Pangulo ng Pilipinas;

c. maipamalas sa sambayanan ang kahalagahan sa paggunita ng wikang pambansa at ang kasaysayan nito sa ika-75 anibersaryo ng KWF;

d. ganyakin ang mamamayang Pilipino na makilahok sa patimpalak sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino;

e. masuri at masukat muli ang naisagawa sa implementasyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335; at

f. maidaos ang kumperensiyang pangwika na ang layunin ay maisapanahon ang mga kaalaman at isyung pangwika.

3. Hinati sa limang lingguhang paksa ang isang buwang pagdiriwang:

Petsa	Paksa
Agosto 1-7	Pagpapahalaga sa Pambansang Wika
Agosto 8-14	Wika sa Pagpapatupad ng Kaunlaran at Disiplina ng Bayan
Agosto 15-21	Wika ang Instrumento sa mga Patakarang Pangkaunlaran at Pangkatarungan
Agosto 22-28	Wikang Filipino: Tugon sa Malinaw na Programa sa Tuwid na Landas
Agosto 29-31	Wikang Filipino: Tinig ng mga Guro, Tinig ng mga Mag-aaral, Wika ng Kabayanihan

4. Kalakip nito ang mungkahing Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Secretary

Kalakip.:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 309, s. 2010

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
LEARNING AREA, FILIPINO

ADA, DM 2011 buwan ng wika
June/21/201116-24

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 148, s. 2011)

Para sa isang buwang pagdiriwang, ang sumusunod na paksa ay hinati-hati sa bawat linggo ng Agosto.

Agosto 1-7 Pagpapahalaga sa Pambansang Wika

1. Pagsasapuso ng **Pambansang Awit.**

2. Pagdaraos ng mga talakayan para sa pangangailangang pangwika sa epektibong paghahatid ng serbisyong pampamahalaan.

3. Pagdaraos ng mga programa at gawain na ang gamit ay wikang Pambansa.

4. Paggamit ng Filipino sa mga komunikasyon at korespondensiya.

5. Pagdaraos ng Timpalak-Bigkasan sa silid-aralan gamit ang pambansang wika sa paksang "Ang Wika ay Lakas at Ilaw sa Tuwid na Landas".

6. Ganap na maipaunawa sa mga mag-aaral na ang tagumpay ay matitiyak kapag mabuti at pinahahalagahan ang pagggamit ng wika.

Agosto 8-14 Wika sa Pagpapatupad ng Kaunlaran at Displina ng Bayan

1. Pagsasapuso ng **Panunumpa sa Watawat.**

2. Pagsasadula sa wikang Filipino ng mga gawaing may kinalaman sa

3. kaunlaran at disiplina ng bayan.

4. Pagpapasulat ng pormal o di-pormal (elementary at sekondarya) na sulatin o sanaysay (kolehiyo) tungkol sa paksa

5. Pagtatanghal ng dula-dulaan na naglalarawan ng paksa, gamit ang wikang pambansa.

6. Paghahanda ng iba-ibang slogan na may kaugnayan sa paksa, para sa lalo pang pagpapasigla ng pagdiriwang.

Agosto 15-21 Wika ang Instrumento sa mga Patakarang Pangkaunlaran at Pangkatarungan

1. Pagsasapuso ng **Diwa ng Kalayaans.**

2. Pagdaraos ng Timpalak sa Talumpatian na ang pokus ay ang lingguhang paksa.

3. Pagdaraos ng talakayan tungkol sa kasaysayan ng kalayaan na tinatamasa ng bayan.

4. Pagdaraos ng debate na may pamagat na "Ang Kahalagahan ng Wika sa Larangan ng Katarungan.

Agosto 22-28 Wikang Filipino: Tugon sa malinaw na programa sa Tuwid na Landas

1. Pagsasapuso ng **Diwa ng Tuwid na Landas.**

2. Pagtalakay sa kahalagahan ng wikang Filipino sa pag-unawa sa isinusulong na mga programa ng Administrasyong Aquino.

3. Pagtatala ng karungang natamo dahil sa Wikang Filipino.

4. Pagbuo at/o pagsariwa ng mga tula at awiting Filipino tungkol sa pagpapahalaga at pangangalaga sa kalikasan bilang patunay ng pagmamahal sa bayan.

5. Pagdaraos ng timpalak sa paggawa ng poster na naglalarawan ng kalikasan at/o kapaligiran ng Pilipinas noon at ngayon.

6. Pagtataguyod ng Palatuntunan tungkol sa pagmamahal sa wika at kalikasan.

Agosto 29-31 Wikang Filipino, Tinig ng mga Guro, Tinig ng mga Mag-aaral, Wika ng Kabayanihan

1. Pagsasapuso ng Diwa ng ika-150 Selebrasyon ng Kaarawan ni Dr. Jose P. Rizal.

2. Pagtatanghal sa mga isinagawang patimpalak sa panahon ng pagdiriwang .

3. Pagdaraos ng Palatuntunan na nagpapamalas ng ilaw at lakas ng wika.